Kung hindi na maaring malunasan ang inyong kanser

Kung hindi maagapan ng paggamot ang kanser, maaring kumalat ang mga selula na may kanser sa ibang bahagi ng katawan. Maari itong kumalat sa ibang bahagi ng katawan sa pamamgitan ng dugo o lymphatic system. Maaring kumalat ang mga selula na may kanser at ibang bahagi ng katawan at mag-simula ito ng panibagong uri ng kanser. Tinatawag itong mestastasis. Maaring kumalat ang mga selula na may kanser sa mahigit sa isang bahagi ng katawan.

Mayroong mga uri ng kanser na hindi na maaring gamutin, kahit na hindi pa ito kumalat sa ibang bahagi ng katawan. Masasabi ng inyong manggagamot kung maari pang gamutin ang inyong kanser.

Paggamot

Ang paggamot may maaring makatulong sa pag-pigil sa mga sintomas at pagkalat ng kanser, kahit na sa mga kanser na wala ng lunas. Para sa ibang tao na mayroong kanser na wala ng lunas, maaring mapigilan ang pagkalat nito sa loob ng ilang buwan o taon. Maari silang sumailalim sa higit sa isang uri ng paggamot sa mga panahon ito.

May mga sumasali ng tinatawag na clinical trials. Sa mga pagsubok na ito sinusubukan kung mas epektibo ang mga bagong uri ng paggamot kaysa sa mga kasalukuyang uri ng paggamot. Kung kayo ay intresado, itanong sa inyong manggagamot kung mayroong clinical trial na naaayon sa inyong kanser.

May mga ilang tao na nag-papasya na itigil ang kanilang pagpapagamot. Mas gusto nilang ilaan ang kanilang natitirang oras sa ibang mga bagay. Ito ay isang personal na desisyon. Maaring makatulong kung makikipag-usap kayo sa inyong manggagamot o counselor bago mag-pasya.

Ang pagkikipag-usap sa ibang tao tungkol sa inyong kanser

Maaring magkaroon ng iba-ibang damdamin ang mga tao sa sandaling malaman nila na sila ay may kanser at wala na itong lunas.

Maaring makaramdam ng pagka-manhid, pagka-galit, takot at lungkot ang isang tao. Para sa ilang tao mas mahaharap nila ng mabuti ang kanilang kalagayan kung makikipag-usap sila sa ibang tao tungkol sa kanilang nararamdaman. Kadalasan, nahihirapang makipag-usap ang mga tao sa kanilang kamag-anak o kaibigan tungkol sa mga bagay na gumulo sa kanilang isipan. Maaring makatulong ang pakikipag-usap sa isang counselor.

Mayroong mga support groups sa Melbourne at istate ng Victoria kung saan nag-sasama-sama ang mga taong may sakit na kanser at pinag-uusapan ang kanilang mga nararamdaman. Madalas din silang mag-katuwaan.

Kung kayo ay may sakit na kanser, maaring mahirapan kayong ipaalam ito sa mga kakilala ninyo. Mas lalong mahirap itong ipaalam sa mga bata. Mas makabubuti kung magiging tapat kayo tungkol sa inyong kalagayan at kung ano ang maaring mangyari sa darating na panahon.

Pagpapagamot ng mga sintomas

May ilan sa mga tao na may sakit na kanser na walang lunas ang hindi makakaramdam ng sakit sa kanilang katawan. Habang ang iba naman ay makakaramdam ng sakit sa kanilang katawan. Halimbawa, maaring lumaki ang kanser at madiinan nito ang isang bahagi ng inyong katawan at mararamdaman ninyo ang sakit nito.

Maaring makatulong ang pag-papagamot upang mabawasan o mawala ang sakit na inyong nararamdaman. Halimbawa, maaring mapaliit ng radiotherapy ang kanser o tanggalin ito sa pamamgitan ng operasyon.

Kadalasan maaring mapigilan ng gamot ang mga sakit na nararamdaman sa katawan. May karapatan ang bawat tao na may sakit na kanser na uminom ng mga gamot na makakatulong sa pag-bawas sa sakit na kanilang nararamdaman. Nag-alalala ang ibang tao na maaring magumon sila sa mga gamot tulad ng morphine o morpina.

Malayo kayong magumon sa mga gamot na ito kung ito ay ibinibigay sa inyo para mabawasan ang sakit na inyong nararamdaman sa katawan sanhi ng kanser. Kung kayo ay may nararamdaman na sakit sa inyong katawan, ipaalam ito sa inyong manggagamot o nars upang magamot ito. Kung nababahala ang inyong pamilya na maaring kayong magumon sa mga gamot na ito, hilingin sa inyong manggagamot na kausapin ang inyong mag-anak.

Maaring kayong makipag-usap sa isang psychologist tungkol sa mga paraan na maari ninyong gawin upang harapin ang sakit na inyong nararamdam. Maaring matulungan nila kayong mag-relax at ibaling ang inyong isipan mula sa sakit na inyong nararamdaman.

Tulong para sa mga may sakit na kanser

Maaring walang maramdaman na sakit sa kanilang katawan ang mga tao na may sakit na kanser na walang lunas. Ngunit, sa ilang pagkakataon maaring hindi maging maganda ang pakiramdam at makaramdam ng pagkapagod ang isang tao na may kanser.

Maari din sumama ang inyong pakiramdam sanhi ng inyong pagpapagamot.

Filipino

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino (03) 9209 0169**
- **Ingles 13 11 20**

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

December 2002

Kung hindi na maaring malunasan ang inyong kanser

Maaring nais tumulong ng inyong mga kamag-anak at kaibigan. Ilan sa mga bagay na maari nilang gawin upang makatulong ay ang pag-linis sa inyong bahay at hardin at pag-luluto ng inyong pagkain. Minsan, mas makababuti din kung magpapasama kayo sa inyong kaibigan tuwing kayo ay magpapagamot.

May mga ilang tao ang hindi alam ang kanilang dapat gawin upang harapin ang katotohanan na may sakit na kanser ang kanilang mahal sa buhay. Kung kayo ay may kanser at nababahala kayo sa pag-alala ng inyong mga mag-anak at kaibigan makakatulong kung ibabahagi ninyo sa kanila ang inyong pangangailangan. Kung nahihirapan kayong gawin ito, humingi ng tulong mula sa inyong manggagamot, nars, social worker sa inyong pagamutan o sa mga dalubhasa sa larangan ng kalusugan tulad ng psychologists o psychiatrists.

Pinansiyal na usapin at iba pang mga bagay-bagay

Nagiging mas mahirap harapin ang inyong kalagayan kung mayroong problema sa

pera. Ang mga tao na may sakit na kanser ay maaring kailangang kumuha ng payo tungkol sa pag-bakasyon mula sa trabaho o ang pagkuha ng kabayaran mula sa inyong superannuation sa mas maaga. Para sa mga may hanap-buhay o walang hanap-buhay, maari din malaman kung maari kayong tumanggap ng kabayarang sickness o disability. Kailangan din mag-pasya ang mga tao na may sakit na kanser tungkol sa pag-gawa ng huling kasulatan, power of attorney (ang pag-bigay ng legal kapangyarihan sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa inyo) at libing.

Maraming mga makukuhang impormasyon na maaring makatulong sa inyo.

Pag-kuha ng mga karagdagang impormasyon

- Kanser – magtanong sa inyong manggagamot o tumawag sa cancer information line
- Support groups at information sessions – tumawag sa cancer information line
- Mga nararamdamang sakit sa katawan at iba pang mga sintomas – makipag-usap sa inyong maggagamot o nars
- Tulong sa inyong bahay – nag-bibigay ng tulong ang Royal District Nursing Services ng tulong sa mga tao may sakit sa kanilang mga sariling bahay. Tumawag sa (03) 9536 5222. Maari din kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa serbisyong ito sa inyong lokal na council.

Maari din kayong matulungan ng social worker sa inyong pagamutan.

- Pagkain, lalo na kung nakakaramdam kayo ng alibadbad o nababawasan ang inyong timbang – makipag-usap sa dietitian sa inyong pagamutan.
- Mga bagay na may kaugnayan sa batas – kausapin ang inyong abogado o tagapag-payo sa mga bagay na may kaugnayan sa batas. Kung wala pa kayong abogado o legal adviser makipag-usap sa social worker sa inyong pamagamutan
- Mga bagay na may kaugnayan sa salapi o pinansiya – maaring makatulong ang inyong social worker . Maaring mag-bigay ng impormasyon ang Centerlink kaugnay ng kabayaran disability, sickness at kabayaran para sa inyong tagapag-alaga ng pamahalaang komonwelt. Tumawag sa 13 27 17 o sa website ng Centerlink sa www.centerlink.gov.au
- Palliative care - isang serbisyo na nagbibigay ng mga tagapag-alaga sa mga taong may lubhang karamdaman. Ang serbisyo na ito ay maaring ibigay sa pagamutan o sa inyong sariling bahay. Tumawag sa Palliative Care Victoria sa (03) 9662 9644
- Kamatayan at pagdadalamhati – maari kayong tulungan ng isang counselor o ng inyong tagapag-payo espiritwal o sa simbahan.

May mga pastoral care workers na matatagpuan sa mga pagamutan.Maari din kayong ipakilala sa isang tinatawag na grief counselor o tagapag-payo sa panahon ng inyong pagdadalamhati sainyong lugar. Tumawag sa (03) 9351 0358 o 1800 100 123 (ang numerong ito ay libre mula saan mang lugar sa Victoria).

Ipaalam at hilingin na kumuha ng serbisyo ng isang interpreter kung kailangan ninyo ang serbisyo nito sa inyong pakikipag-usap sa mga manggagamot o mga health professional . Ipaalala sa inyong manggagamot, nars o social worker na kailangan ninyo ng serbisyo ng isang interpreter.

Filipino

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino (03) 9209 0169**
- **Ingles 13 11 20**

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

December 2002